

## Pinagaling ni Jesus ang Anak ng Isang Opisyal

### NOTES

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

### WARM-UP

- Ano ang isang pelikula, palabas sa telebisyon, o awitin ang hindi mo mapigilang ibahagi sa ibang tao? Bakit gustong-gusto mong ibahagi ito sa iba?
- Nilulutas mo ba ang mga sarili mong problema nang mag-isa, o humihingi ka sa iba ng tulong? Bakit?
- Pangalanan ang isang miyembro ng iyong pamilya o kaibigan na labis mong pinagkakatiwalaan? Bakit mo siya pinagkakatiwalaan?

**WORD**

*Ito ang ikalawang himala na ginawa ni Jesus sa Galilea pagkagaling niya sa Judea. JUAN 4:54*

(Basahin din ang **JUAN 4:46-53**.)

---

Ang pangalawang katibayan ni Jesus na nagpapatunay na Siya ang anak ng Diyos ay ang pagpapagaling Niya sa anak ng isang opisyal na Romano. Sa pamamagitan lamang ng Kanyang salita, ang anak ng opisyal ay gumaling sa kanyang karamdaman at ang buong pamilya ng opisyal ay naniwala kay Jesus. Narito ang tatlong aral na matututunan natin mula sa pananampalataya ng opisyal.

**1 Lumapit ka kay Jesus**

*<sup>46</sup>Muling bumalik si Jesus sa bayan ng Cana sa Galilea kung saan ginawa niyang alak ang tubig. Doon ay may isang opisyal ng pamahalaan na ang anak na lalaki ay may sakit at nasa Capernaum. <sup>47</sup>Nang mabalitaan niyang bumalik si Jesus sa Galilea mula sa Judea, pinuntahan niya ito. Nakiusap siya kay Jesus na pumunta sa Capernaum at pagalingin ang anak niyang nag-aagaw-buhay. JUAN 4:46,47*

Naglakbay ang opisyal ng mga 200 na kilometro mula sa Judea patungo sa Galilea upang makita si Jesus. Bagama't hindi niya alam kung pagagalingin o hindi ang kanyang anak, naglakbay siya patungo kay Jesus dahil sa kanyang pananampalataya. Gaya ng opisyal, dapat tayong magkaroon ng lakas ng loob na lumapit kay Jesus, hindi dahil wala na tayong malapitan, kundi dahil Siya lamang ang ating tanging kasagutan. Ayon sa Hebreo 11:6, posible ba na makapagbigay-lugod sa Diyos kahit wala tayong pananampalataya? Paano ito ipinakita ng kuwento?

.....

.....

.....

## 2 Panghawakan mo ang Salita ni Jesus

*Sinabi ni Jesus sa kanya, "Pwede ka nang umuwi. Magaling na ang anak mo." Naniwala ang opisyal sa sinabi ni Jesus at umuwi siya.*

**JUAN 4:50**

Pinanghawakan ng opisyal ang sinabi ni Jesus na pagagalingin Niya ang kanyang anak. Buo ang kanyang loob na gagawin ito ni Jesus. Laging sinasagot ni Jesus ang ating mga panalangin ayon sa Kanyang kagustuhan, at hawak Niya ang lahat ng sitwasyon. Dahil si Jesus ay Panginoon, ang anumang sabihin Niya ay matutupad. Ang ating tungkulin ay ang maniwala at tumugon ng may pananampalataya. Bakit natin mapagkakatiwalaan ang Salita ng Diyos? Paano natin nasiguro ang katapatan Niya sa ating mga buhay? (2 Taga-Corinto 1:20)

.....

.....

.....

## 3 Lumago ka sa iyong pananampalataya

*Naalala ng opisyal na nang oras ding iyon ay sinabi sa kanya ni Jesus na magaling na ang anak niya. Kaya siya at ang buong pamilya niya ay sumampalataya kay Jesus. **JUAN 4:53***

Ang anak ng opisyal ay gumaling noong oras na nagsalita si Jesus. Ito ang nagdala sa kanya, at sa kanyang buong pamilya, na maniwala kay Jesus. Ang paniniwala kay Jesus ay tumutulong sa atin upang lumago tayo sa pananampalataya at tumutulong sa iba upang manampalataya din sa Kanya. Dapat nating ibigay ang ating tiwala sa Diyos at hindi sa ipinangako Niya. Sagutin man ng Diyos ang ating panalangin o hindi, Siya ay mananatili, at Siya pa rin ang Diyos. Ibahagi ang isang kuwento tungkol sa panalangin na hindi sinagot ng Diyos. Ano ang itinuro sa iyo ng Diyos sa pamamagitan nito?

.....

.....

.....

## APPLICATION

- Si Jesus ba ang una mong pinupuntahan sa tuwing nahaharap ka sa mga pagsubok? Ngayong linggo, paano ka maglalaan ng panahon upang unahain Siya sa lahat ng gagawin mo?
- Pumili ng isang Kasulatan na iyong idedeklara para sa isang sitwasyon. Maglaan ng oras para kabisaduhin at pag-aralan ito ngayong linggo.
- Ano ang nag-udyok sa iyo upang magtiwala kay Jesus bilang iyong Panginoon at Tagapagligtas? Ibahagi ito ngayong linggo sa isang mong kapamilya o kaibigan.

## PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos sa paraan Niya ng pagpapagaling sa anak ng opisyal, at kung paano Siya patuloy na gumagawa ng mga himala sa kasalukuyan. Panghawakan mo ang mga Salita ni Jesus at na maniniwala ka sa Kanya anuman ang mangyari.
- Ipanalangin ang kagustuhan ng Diyos para sa iyong buhay, pamilya, iglesia, bayan, at sa lahat ng bayan sa buong mundo. Hingin sa Kanya ang mas matatag na pananampalataya at pagtitiwala sa Kanya.
- Ipanalangin ang mga miyembro ng iyong pamilya at ang iyong mga kaibigan na kailangan makakilala at maniwala sa ebanghelyo. Ipanalangin na magkaroon ka ng mga pagkakataon upang maipangaral ang ebanghelyo. Humingi sa Diyos ang lakas ng loob at kakayahan upang magawa ito.



**VICTORY**

© 2017 by VICTORY®

Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®

Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot

mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

[victory.org.ph](http://victory.org.ph)